

# Trabaho sa Bahay:Sahod



Karaniwang Katanungan ng mga Manggagawa sa loob ng Pribadong Tahanan

## **Magkano ang dapat kong ipasahod sa isang manggagawa?**

Dapat kang magpasahod nang kahit na minimum wage at kailangan bayaran ang lahat na oras na itinrabaho pati na rin ang nararapat na overtime.

## **Ano ang “oras na nagtrabaho?”**

Kailangan mong pasahuran ang lahat nang oras na nasa ilalim ang tagapag-alaga sa iyong pamamahala.

- ✓ Kung hihilingin mong manatili sa lugar ng trabaho ang isang manggagawa, kahit na hindi sila nakikibahagi sa trabaho, dapat silang pasahuran sa mga oras na iyon.
- ✓ Kung kinakailangan mong magpalipas ng gabi ang inyong tagapag-alaga upang tumogon sa tuwing kinakailangan, dapat mong bayaran ang mga oras na iyon, kahit na natutulog ang tagapag-alaga.
- ✓ Kung hindi mo papayagang umalis ang tagapag-alaga sa kanilang oras ng pahinga, dapat mong bayaran ang mga oras na iyon.

## **Ano ang pinakamaliit na pasahod o minimum wage?**

Ang mga pederal, pang-estado at paminsan-minsan pati na rin mga local na batas ang namamahala sa minimum wage o pinakamaliit na pasahod. Dapat mong bayaran ang pinakamataas na presyong pang kabayaran sa tatlo. Sa pangkalahatan, iyon ay ang minimum wage na sahod ng California. Gayunpaman, merong mga nalilibang lungsod gaya ng Los Angeles o kaya naman sa San Francisco na may mataas pang presyong pang kabayaran. Ang pinakamaliit na pasahod karaniwan ay tumataas ng taon-taon (bandang Enero o Hulyo kada taon), kaya siguraduhing manatiling napapanahon sa mga batas ukol dito.

State MW: [https://www.dir.ca.gov/dlse/FAQ\\_MinimumWage.htm](https://www.dir.ca.gov/dlse/FAQ_MinimumWage.htm)

## Kailangan ko bang magbigay ng karagdagang bayad kung mahaba ang tinrabahong oras ng manggagawa?

Ang mga domestic worker o pambahay na manggagawa ay may karapatan sa karagdagang suweldo, lalo na kung sila ay nagtatrabaho nang lampas sa nakatalang oras sa kanilang bilang na mga oras – ang tawag dito ay overtime pay o karagdagang pasahod dahil sa paghigit sa oras ng trabaho. Ang obligasyon sa pagbayad ng overtime ay nagdedepende sa kung sino ang nangupa sa manggagawa at kung anong klaseng trabaho ang ginawa ng manggagawa. Dahil kumplikado ang mga batas na pumapaloob sa overtime, magpunta sa 360° Caregiving Rights Toolkit (360° Toolkit para sa mga kapakanan ng mga manggagawang pang bahay) para sa karagdagang kapamaraan at gamitin ang Overtime Tool (kasangkapan para sa overtime):

<https://www.cadomesticworkers.org/Know-your-rights/whats-my-overtime>

## Ano ang karaniwang kabayaran ng pasuweldo para sa layunin ng overtime?

Kailangan mong malaman ang karaniwang kabayaran ng pasuweldo para malaman ang pabayad para sa overtime. Ang karaniwang kabayaran ng pasuweldo ay ang sahod ng isang manggagawa kada oras na trinabaho niya. Malaya kang pumiling pasahuran ang manggagawa ng kada oras o kaya naman ay nakapirming kabayaran o tinatawag na flat rate. Ngunit, dapat na sumasangayon sa naaaplikang mga tuntunin para sa minimum wage at overtime pay ang nakapirming kabayaran para sa lahat na tinrabahong oras pati na rin ang mga oras na lampas sa nakatalang oras ng trabaho kada manggagawa.

Kung magbabayad ka ng isang flat rate kada araw o kabuwanang pasahod, tiyaking alam mo kung papaano bilangin ang regular na rate ng suweldo. Hindi nakasakop sa rate na iyon ang mga sahod para sa overtime, kung anuman ang kasunduan sa pagitan ninyo ng manggagawa.

Halimbawa, ung binabayaran mo ang isang tagapag-alaga ng isang flat rate na \$100 kada araw at nagtrabaho sila ng 10 oras, 8 o 9 na oras lang ang nasasakop ng flat rate, depende sa iyong mga obligasyon para sa overtime. Narito ang paraan kung papano mo malalaman ang regular rate:

$\$100 \div 8 = \$12.50$	$\$100 \div 9 = \$11.11$
--------------------------	--------------------------

Kung ano man ang kaso, ang flat rate na ginamit sa ehemplo ay lumalabag sa batas ng minimum wage para sa Estado ng California. At saka, hindi man laman nabayaran ng kahit anong halaga ang empleyado para sa kanilang oras ng overtime.

Para maiwasan ang hindi sinasadyang paglabag ng batas, ang pinakamagandang gawain ay ang magpasahod sa kada oras ng trabaho at kung ano pang overtime ang nagawa nang manggagawa.